

Alamin sa pamamagitan ng Man-ga

○○ ng Taglagas



Sa Taglagas, nagiging maganda ang panahon, at masisiyahan ka sa mga libangan, tulad ng pagbabasa ng mga libro, pagguhit ng mga larawan, panonood ng sports, at pagiging aktibo sa ehersisyo. Marami ring masasarap na pagkain kapag Taglagas tulad ng ubas, kastanyas, at kamote! Sa Japan, maaari kang makaranas ng iba't ibang ekspiryensa sa pag-aani depende sa season at lokasyon, kaya bakit hindi natin subukan ito kasama ang mga kaibigan?

Ang "Tomo" ay naglalathala at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa paninirahan sa Japan at mga puntos para sa pag-aaral ng Japanese na may furigana at nasa siyam na wika (Vietnamese, Chinese, Pilipino, Indonesian, Thai, Cambodian, Myanmar, Mongol, at English). Ang bersyon ng Japanese ay ihahatid bilang isang leaflet, at ang bersyon ng wikang banyaga ay maaaring tingnan sa format na PDF mula sa website ng JITCO sa inyong smartphone. Mangyaring gamitin ito. (<https://www.jitco.or.jp/ja/tomo/>)



Maging handa sa anumang mangyayari



Ang taglamig sa Japan ay isang panahon na tuyo ang hangin at mas malamang na magkaroon ng sunog. Mag-ingat na magkaroon ng sunog sa loob ng iyong bahay sa pamamagitan ng pagsuri sa "10 puntos para sa Residential Fire Prevention upang Protektahan ang Iyong Buhay" (4 Habits + 6 Countermeasures) na na-publish sa "Government Public Relations Online".


Pag-iwas sa sunog sa bahay

10 puntos upang protektahan ang iyong buhay

4 habits (nakaugalian)




1 Huwag humiga at manigarilyo sa iyong kama o futon



2 Huwag maglagay ng mga nasusunog na bagay sa paligid ng kalan



3 Kapag ginagamit ang kalan, huwag itong iiwanan na may apoy



4 Linisin ang alikabok sa mga saksakan ng kuryente at tanggalin sa saksakan ang mga plug kapag hindi ito ginagamit

6 countermeasures

1 Upang maiwasan ang pagkakaroon ng sunog, gumamit ng gas heater, gas range at iba pang appliances na mayroong nakalagay na safety device

2 Para maagang matukoy ang mga sunog, regular na suriin ang mga alarma sa sunog sa tirahan at palitan ang mga ito kada 10 taon. Upang maagang matukoy ang mga sunog, suriin nang regular ang mga fire alarm sa bahay at palitan ang mga ito kada 10 taon

3 Upang maiwasan ang pagkalat ng apoy, linisin ang kwarto, at gumamit ng disaster prevention item para sa gamit sa tulugan, damit at kurtina

4 Upang mapatay ang apoy habang maliit pa ito, magtabi ng fire extinguisher o iba pa at alamin kung paano gamitin ito

5 Suriin ang mga evacuation route at paraan ng paglikas

6 Makilahok sa mga drills, at gumawa ng mga hakbang sa pag-iwas sa sunog sa buong komunidad

政府広報オンライン

(<https://www.gov-online.go.jp/useful/article/201603/3.html>) をもとにJITCOが作成



Kapag nagkaroon ng malaking lindol

Ang Japan ay isang bansa na madalas ang lindol. Kung sakaling magkaroon ng malaking lindol, may panganib na gumuho ang iyong bahay at mga kasangkapan. Bukod pa rito, maaaring mangyari ang mga sunog, tsunami, landslide, atbp. Kung sakaling magkaroon ng malaking lindol, mangyaring bigyang-pansin ang mga sumusunod na punto at manatiling kalmado.

- ✓ Unahin muna na tiyakin ang iyong sariling kaligtasan, tulad ng pagtatago sa ilalim ng mesa.
- ✓ Madaliin na patayin ang kalan at isara ang main gas valve para maiwasan ang sunog.
- ✓ May pag-aalala tungkol sa pinsala mula sa mga tsunami sa mga baybaying lugar tulad ng mga karagatan at ilog. Lumikas sa pinakamataas na lugar hangga't maaari, gaya ng hill o tsunami evacuation tower.
- ✓ Mag-ingat sa mga basag na salamin, mga nahuhulog na bagay, nahuhulog na blokeng dingding, at mga natumbang linya ng kuryente habang lumilikas.

- ✓ Mag-ingat sa fake news at chismis na gawa-gawa lamang. Magtipon ng tamang impormasyon mula sa TV, radyo, mga mobile phone, atbp.
- ✓ Madalas mangyari ang mga aftershocks, kaya maging handa at maging alerto.
- ✓ Kapag nasira ang bahay na titinirhan mo at hindi mo na ito matitirhan, tumakbo ka sa evacuation shelter. Ang mga gymnasium ng paaralan at mga community center ay kadalasang nagsisilbing mga evacuation shelter. Ang pagkain, tubig, kumot, atbp. ay ipinamamahagi at maaari kang manatili nang magdamag. Mamumuhay ka kasama ng maraming tao, kaya siguraduhing sundin ang itinatag na mga patakaran.

《参考》

「マンガで解説！南海トラフ地震 その日が来たら・・・」(内閣府防災情報) <https://www.bousai.go.jp/jishin/nankai/rinji/pdf/east.pdf>

Ang programang “育成就労 (Ikusei Shuro)” ay itatatag bilang kapalit ng “Technical Intern Training Program”

Q Ano ang programang 育成就労 (Ikusei Shuro) ?

A Ang programang "Technical Intern Training" ay isang sistema kung saan ang mga dayuhan ay natututo ng mga skills sa Japan at gamitin ito sa pagbalik nila sa sariling bansa, upang makatulong sa pag-unlad ng kanilang bansa. Noong Hunyo ng taong ito, nagpasya ang Japan na magsimula ng bagong sistema na tinatawag na “育成就労 (Ikusei Shuro)” upang palitan ang “Technical Intern Training Program.” Sa ilalim ng bagong sistema, sa loob ng tatlong taon ng pagdating sa Japan, matututo ka ng mga skills upang maging “Specified Skilled Worker”. Maaari kang magtrabaho sa parehong larangan tulad ng Specified Skilled Worker. Gayundin, sa ilalim ng bagong sistema, kung matutugunan ang ilang kundisyon, maaari mong baguhin ang kumpanyang iyong pinagtatrabahuan hangga’t nasa parehong larangan ka.

Q Kailan magsisimula ang bagong sistema?

A Magsisimula ito sa bandang Hunyo ng taong 2027

Q Kahit nagsimula na ang bagong sistema, maaari pa rin bang ipagpatuloy ang technical intern training?

A Maaari mo mong ipagpatuloy ang training sa Japan hanggang sa matapos ang training period mo.

Q Kanino ako hihingi ng mga detalye ukol sa bagong sistema

A Kumonsulta sa mga nangangasiwang organisasyon, tumatanggap na kumpanya at registered support organization. Ang detalyadong impormasyon ay iaanunsyo sa website ng JITCO at ng Immigration Services Agency ng Japan.

Ang nasa itaas ay isang maikling buod ng impormasyon sa kasalukuyang panahon. Ang mga resident status ninyo ay hindi bigla-biglaang magkakaroon ng pagbabago. Hanggang sa matapos ang training, makatitiyak kang hindi magbabago ang sitwasyon sa training. Ang sitwasyon kung saan maaari kang magsanay nang may kapayapaan ang isip ay hindi nagbabago. Mayroong ilang masasamang tao na nagkakalat ng maling impormasyon tulad ng “nagbago na ang sistema” o “mas madali na ngayon ang paglipat” at hinihikayat ang mga tao na lumabag sa batas. Huwag magpalinlang at mag-ingat ng husto.

※Pakitandaan na walang opisyal na translation sa wikang banyaga nang na-ipublish na terminong “育成就労 (Ikusei Shuro)”.



Kokugo no mori

Ito ay isang materyal sa pagtuturo para sa pag-aaral at kung paano gamitin ang mga salitang Hapon at kanji. Magsaya habang nag-iisip ng mga sagot. (nasa sumusunod na pahina ang mga sagot)



ちがうところをたしかめて、正しく書きましょう。

ちがいはどこ？

こくごのもり

指導・元世田谷区立
小学校教諭
高橋 伶子
イラスト・奈良 恵



Ang mga trainees mula sa Myanmar ay bumisita sa mga tea farm noong bagong panahon ng pagpili ng tsaa. Pagkatapos maranasan ang pagpili ng tsaa at paglilibot sa isang pabrika ng tsaa, gumawa kami ng matcha sa unang pagkakataon at nasiyahan sa masasarap na sweets. Ito ay isang larawan na nakangiti ang lahat sa gitna ng magandang green tea field.

※2024年6月投稿 実習実施者：社会福祉法人 同和園

Hihintayin namin ang inyong aplikasyon

Pumili kami ng isang larawan mula sa "Technical Intern Training Days" na nai-post sa website ng JITCO ng mga organisasyon na tumatanggap ng mga trainee. Tingnan dito ang pahina ng "Technical Intern Training Days" at mga kinakailangan sa aplikasyon.

(<https://www.jitco.or.jp/ja/days/>)



Sa JITCO, ginanap ang "32th Japanese Essay Contest para sa mga Technical Intern Trainees at Trainees", at ang mga nanalo ay inihayag sa website ng JITCO. Magpo-post kami ng koleksyon ng mga mahuhusay na gawa, kaya mangyaring tingnan ito.



Gabay sa mga consultation counter

Kapag namroblema...? (<https://www.otit.go.jp/notebook/>)

Sa OTIT (Organisasyon para sa Teknikal Intern Training), maaari mong gamitin ang consultation counter sa iyong katutubong wika kapag ikaw ay may problema. Gayundin ang lokal na consultation counter at impormasyon sa pag-iwas sa kalamidad, at mga convenient app tulad ng "Mga salitang Hapon sa site" at "Technical Intern Training Handbook".



◆ こくごこたえ

大 おお 大きくて 太 た 犬 いぬ

大 ぜいの 人 が 入 っ て い く。

知 ら ない 字 を 学 ぶ。

き れ い な 貝 を 見 つ け た。

今 、 会 っ た ば か り だ。

毛 の 糸 の 手 を ふ く ろ

体 を 休 め る。

集 め た 数 を 教 え る。

雪 の よ う な 雲

「、」の位置、画の数やつき方、反りと曲がりなど、正しく書き分けられましたか。

「見」は目と儿（ひと）の組み合わせですが、「貝」は子安貝の形で、ひととは別の成り立ちです。その他の漢字も、どこかが同じでどこかが違います。「大」は手足を広げて立つ姿、「犬」は走っている犬をたてに描いた形、「太」は両手でたっぷり水を流す様子を表す「泰」が元の字です。

Naisulat mo ba ng tama ang posisyon ng 「、」, ang bilang ng mga stroke at direksyon, kurba, bending at iba pa. Ang "見" ay kombinasyon ng "目" at 儿 (ひと), ngunit ang "貝" ay korte ng cowry shell, at may kakaibang origin sa ひと. Ang iba pang kanji ay mukhang magkapareho ngunit magkaiba. Ang 「大」 ay isang figure na nakatayo na nakabuka ang mga braso at binti, ang 「犬」 ay isang patayong hugis ng tumatakbong aso, ang 「太」 na mula sa orihinal na karakter na 「泰」, na ang ibig sabihin ay pagdaloy ng maraming tubig gamit ang dalawang kamay.

とも

2024年10月 秋季号

2024年10月1日発行

発行

公益財団法人 国際人材協力機構 (JITCO)

総務部広報室

〒108-0023

東京都港区芝浦2-11-5

五十嵐ビルディング

03-4306-1166 (ダイヤルイン)

<https://www.jitco.or.jp/>

電話

JITCO ホームページ